

HOW TO APPLY FOR FINANCIAL AID

Kumpletuhin ang FAFSA (Free Application for Federal Student Aid)

- Pumunta sa www.fafsa.ed.gov.
- Mag-sign in sa FAFSA gamit ang iyong FSA ID. Maaari kang mag-apply ng FSA ID sa FAFSA website. Kung kailangan ng impormasyon tungkol sa iyong mga magulang sa FAFSA, kakailanganin din ng FAFSA ID ang iyong magulang.
- Pag natanggap na namin ang iyong FAFSA information, papadalan ka namin ng email para i-check yung portal para sa ibang dokumento o papeles na kakailanganin.

Ibigay ang mga kailangan na forms

Nakalagay sa online Financial Aid Portal kung ano ang mga kailangan mong gawin.

- Makikita ang aming mga forms sa website na ito: www.edcc.edu/finaid
- Mauumpisahang ma-proseso ang iyong papeles kung kumpleto at naibigay ang lahat ng mga kinakailangan na forms at dokumento.

Bagong estudyante

Kung bago kang estudyante, kinakailangan mong gawin lahat ng mga sumusunod:

- Dapat matanggap ka muna sa Edmonds Community College.
- Kumpletuhin ang Financial Aid Information Sheet form (kailangan din ito para sa mga bumabalik na estudyante).
- Kung kailangan mong umutang para sa pambayad sa matrikula, kinakailangang kumpletuhin ang **Loan Request na bahagi sa Information Sheet**.
- Maaaring may iba pang mga dokumento na kakailanganin. Basahing mabuti at madalas ang portal para lubusang maintindihan ito.

Maging maagap at pro-active sa proseso

Magtanong kung meron kang hindi maintindihan! Tumawag sa paaralan kung kinakailangan! Tumugon agad sa mga hiling na matatanggap tungkol sa iyong aplikasyon!

- Mapo-proseso and mga aplikasyon ayon sa petsa ng pagpasa ng kumpletong dokumento.
- Kalimitang inuumpisahan and pag-proseso sa mga aplikasyon para sa bagong taon sa buwan ng Mayo.
- Suguraduhing mabigay ang mga kumpletong dokumento bago ang huling araw ng pagtanggap. Makikita ang mga huling araw ng pagbigay (deadline) sa ibaba: (o bibigyan ka ng “delay of payment” sa umpisa ng quarter kung kailan kang magsisimula). (Ang mga petsa ay maaaring magbago. Mas mabuting puntahan ang FA website para makasiguro.)

Tag-araw – Ika-1 ng Hunyo

Taglagas – Ika-15 ng Hulyo

Taglamig – Ika-15 ng Nobyembre

Tagsibol Ika- 1 ng Marso

Espesyal na Pangyayari (Special Circumstances)

Kung mahihirapan kang mag-apply para sa tulong o aid o kaya’y dahil sa di pangkaraniwang sitwasyon para hindi ka mabigyan ng tulong, maaari kang humiling ng espesyal na konsiderasyon. Pumunta sa aming website sa: www.edcc.edu/finaid para malaman kung ano-ano ang mga dokumentong kailangang makumpleto.

Matatagpuan ang mga sumusunod sa aplikasyon sa aming website:

- Review for Independent Status – kung umaasa ka pa sa magulang mo (dependent) pero hindi ka makakapagbigay ng impormasyong ukol sa kanila, maaari ka pa ring mabigyan ng independiyenteng katayuan.
- Recalculation of Aid – kung mataas ang iyong kinita sa taong pinagbasehan at ngayon ay bumaba na ang iyong kinikita, maaaring humingi ng espesyal na konsiderasyon para maisaayos ito. Maaring gamitin ang mga forms padating ng Setyembre para sa darating na taon.
- Ineligible Citizenship Status – kung hindi ka maka-apply ng FAFSA dahil sa estado ng iyong citizenship, maaari ka pa ring mag-apply para sa WASFA. Mahahanap ang aplikasyon para dito sa www.readysetgrad.org/wasfa.

Bisitahin ang website para malaman and katayuan ng iyong aplikasyon gamit ang portal or di kaya’y magtanong online sa www.edcc.edu/finaid.



Online Financial Aid Resources

Financial Aid Portal: www.edcc.edu/finaid



Maaaring gamitin ang portal na ito para sa mga sumusunod:

- Malaman ang estado ng iyong aplikasyon.
- Malaman kung ano ang mga kinakailangang dokumento na ipasa.
- Makita ang financial aid award matapos ma-proseso ang aplikasyon mo.

Support Request Form: www.edcc.edu/finaid



Gamitin ito para:

- Magtanong tungkol sa iyong aplikasyon
- Magtanong tungkol sa proseso

Ito ang pinakamabilis na paraan para maabot kami. Pinapadala ang inyong mga tanong sa Financial Aid Office para masagot agad ang mga ito.

Online Entrance Loan Counseling: <https://studentloans.gov>

Kinakailangan ito kung ikaw ay magpapatulong o utang ng pambayad ng matrikula / tuition. Pumunta sa *Undergraduate Student Session*.

Sign the Master Promissory Note Online (MPN): <https://studentloans.gov>

Kinakailangan ito kung ikaw ay magpapatulong o utang ng pambayad ng matrikula / tuition. Gamitin ang iyong Federal FAFSA Pin para mapirmahan electronically ang Master Promissory Note (MPN).

Napili ka ba para sa veripikasyon at kailangan ang iyong tax return transcript?

Kung napili ka para sa veripikasyon, maaari kang hingian ng kopya ng iyong Tax Return Transcript kung hindi mo nagamit ang IRS Data Retrieval Tool sa FAFSA. Maaari mong hingiin ang iyong "Tax Return Transcript" na ipadala o i-koreo sa iyo sa www.irs.gov. Maaari ka rin tumawag sa (800)908-9946. Hindi na kami puwedeng tumanggap ng 1040 tax return. Kailangan ipasa yung transcript na manggagaling mismo sa IRS para sa taon na hinihingi.

Scholarship Info

www.thewashboard.org

www.finaid.org

www.fastweb.com

www.edcc.edu/foundation

Pahayang tungkol sa walang diskriminasyon (Nondiscrimination Statement)

Magkatumbas ang pagtingin ng Edmonds Community College sa lahat ng magkakaibang lahi, relihiyon, bansang pinanggalingan, kasarian, pagkabalda, edad, citizenship, katayuang beteran o kasal, o impormasyong genetiko sa mga programa at gawain ng eskuwela.